
# Ang Mga Pinakakaraniwan at Pinakamalubhang Kundisyon sa Kalusugan Kaugnay ng Karahasan ng Romantikong Kapareha

Ang karahasan ng romantikong kapareha (intimate partner violence, IPV) ay nararanasan ng halos kalahati ng kababaihan sa United States sa isang punto ng kanilang buhay. Hiniling ng Opisina ng Kalusugang Pangkababaihan (Office of Women's Health) ng Administrasyon ng Mga Resource at Serbisyong Pangkalusugan (Health Resources and Services Administration) sa National Academies of Sciences, Engineering, and Medicine na bumuo ito ng komite ng mga eksperto mula sa iba't ibang disiplina para tukuyin ang mahahalagang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa kababaihan kaugnay ng karahasan ng romantikong kapareha sa mga panahong hindi nagbabago ang kundisyon, alamin ang anumang pagbabago sa listahang iyon sa panahon ng mga emergency sa kalusugan ng publiko (public health emergencies, PHE), at tumukoy ng mga pamamaraan para matiyak na magkakaroon ng access ang kababaihan sa mahalagang pangangalaga sa mga panahon ng PHE. Ang nabuong ulat na *Mahahalagang Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan na Tumutugon sa Karahasan ng Romantikong Kapareha* ay naghahandog ng paraan para sa pagbabago. Nasa ibaba ang mga pinakakaraniwan at pinakamalubhang kundisyon sa kalusugan kaugnay ng karanasan sa IPV.



**Traumatic na Pinsala sa Utak**

Pagkawala ng alaala, mga pananakit ng ulo, pagkahilo, mga seizure, mga pagkahimatay, kahirapan sa pag-concentrate, mga pagbabago sa ugali at mood, kahirapan sa pagtulog, kahirapan sa pag-iisip at pag-aayos ng mga naiisip, mga pinsala sa bungo

**Mga Problema sa Kalusugan ng Pag-iisip at Pag-uugali**

Anxiety, depresyon, post-traumatic stress disorder, mga substance use disorder, mga eating disorder

**Mga Pinsala sa Ngipin**

Mga nabali o natanggal na ngipin

**Mga Problema sa Kalusugan kaugnay ng Pagbubuntis at Panganganak**

Mataas na presyon ng dugo, malalang pagduruwal, pagsusuka, dehydration, pagdurugo ng ari, mga impeksyon sa bato o daanan ng ihi, hindi sapat na pagtaas ng timbang habang nagbubuntis, maagang panganganak, mga sanggol na kulang sa timbang sa kapanganakan, pagkalaglag ng dinadala sa sinapupunan, preeclampsia, pagkamatay ng bagong-panganak, pagpatay sa romantikong kapareha

**Mga Pinsala sa Kalamnan at Buto**

Mga bali sa braso, kamay, mga daliri, balikat, tadyang, collar bone, buto sa dibdib, paa, at bukongbukong; mga sprain at strain; arthritis; sakit sa kasukasuan; kahirapan sa paggalaw o paglalakad

**Mga Pinsalang Dulot ng Pagkakasakal**

Stroke; pinsala sa mga pangunahing ugat sa leeg; mga bali sa cartilage ng lalamunan; pinsala sa daluyan ng hangin; mga pinsala sa utak dahil sa kakulangan ng oxygen; pagkawala ng boses o kahirapan sa pagsasalita; mga seizure; mga pasa; mga pinsala sa mga buto, kalamnan, at ligament sa leeg; post-traumatic stress disorder

**Mga Pinsala sa Ulo, Mukha, at Leeg**

Mga pinsala sa mukha, partikular na ang mga bali sa ilong, maxilla (panga), at mga orbit (socket ng mata); mga galos; mga pasa; iba pang pinsala sa soft tissue ng mukha, mga mata, at mga tainga

**Pabalik-balik na Pananakit**

Mga migraine; mga madalas na pananakit ng ulo; pabalik-balik na pananakit ng likod, baywang, o tiyan; fibromyalgia

**Mga Problema sa Kalusugan Kaugnay ng Ari at Reproductive Health**

Pabalik-balik na pananakit ng baywang, mga impeksyong naipapasa sa pamamagitan ng pagtatalik, impeksyong dulot ng HIV, iba pang impeksyon sa ari, hindi sadya o sunod-sunod na pagbubuntis, hindi pangkaraniwang discharge o pagdurugo ng ari

**Matuto pa at i-access ang buong ulat sa**
nationalacademies.org/intimate-partner-violence.

NATIONAL ACADEMIES Sciences Engineering Medicine